# CHIAROSCURO:
isang impresyon sa maamong matrimonyal ng
Sining at Buhay

Synopsis

'Chiaroscuro,' which in Latin and art parlance means the contradiction of light and shade, posits a universal worldview that life is likewise full of human contradictions. It is about the poignant and bittersweet relationship between art and life.

This Chekhovian play also paints the world of the Malate visual artists and the challenges they face in their struggle for economic survival vis-à-vis their unrelenting pursuit to perfect their craft. It also essays the universal theme on the artist's option to compromise his art in exchange for commercial satisfaction, or rather, is the kind of compromise merely an option or a painful necessity in order for one to survive?

Four visual artists / painters meet up in their respective studios and go through the motion of dealing with the wheelers and dealers of their masterpieces and canvasses. Will there be harmony between their life and art with such deals?

## CHIAROSCURO

### DRAMATIS PERSONAE

| | |
|---|---|
| ANTON CORDOVA | 34 taong gulang, isang tanyag na Mabini artist |
| SANTI DE LA ROSA | 25 taong gulang, isang baguhang artist sa Mabini. Kabarkada siya ni ANTON |
| CALOY TRINIDAD | 37 taong gulang, isang beteranong artist- dealer na ngayo’y full-time dealer na lamang. Kumpadre siya ni ANTON |
| PIO RODRIGUEZ | 43 taong gulang, isang tanyag at mahusay na pintor na nominado bilang national artist. Dating maestro siya ni ANTON |
| DELIA CORDOVA | 19 taong gulang, musmos na asawa’t maybahay ni ANTON |
| MARA SANCHEZ | 22 taong gulang, isang professional nude model in PIO RODRIGUEZ |

MODELO

MGA BOSES NINA ADOR AT IBANG BARKADA NINA ANTON, SANTI AT CALOY

## BALANGKAS NG MGA YUGTO

### UNANG YUGTO

Tag-araw ng Marso, 1987. Sa isang maliit ngunit maaliwalas na "studio" sa isang lumang apartment building sa Padre Faura, Ermita. Bahay ni ANTON CORDOVA.

### IKALAWANG YUGTO

Makalipas ang tatlong oras. Alas tres kinse ng hapon. Sa "studio" sa bahay ni G. PIO RODRIGUEZ isang tanyag na pintor.

### IKATLONG YUGTO

Makalipas ang limang buwan. Sabado alas seis ng gabi sa dating "studio" si ANTON, Padre Faura, Ermita.

**CHIAROSCURO:**
Isang Impresyon sa Maamong Matrimonyal ng
Sining at Buhay

## UNANG YUGTO

Tag-araw ng Marso kasalukuyan. Sa isang maliit ngunit maaliwalas na "studio" sa isang lumang apartment building sa Padre Faura, Mabini. Kasalukuyang nag-aalmusal ng kape't pandesal na may mantikilya si ANTON CORDOVA sa kanyang studio, habang pinagmamasdan niya ng maigi ang kanyang pinakahuling obra, ang "MAGSASAKA". Siya'y nakapantalon at tsinelas lamang. May maririnig na mahinang drama sa radyo galing sa kapitbahay ngunit hindi siya maiistorbo. Mapapangiti siya kapag sumusulyap ang kanyang paningin sa larawang nabanggit. Maya-maya'y nagmamadaling papasok si SANTI de la ROSA sa loob. Siya'y naka T-shirt, maong at sandalyas. Mabibigla si ANTON sa kanyang pagdating.

ANTON. O. Ang aga mo –

Kukuninin ni SANTI sa paligid ng kuwarto ang kanyang kagamitan sa pagpipinta. Ang canvas na nakapatong sa easel, larawan, mga brush, palette, at sari-saring kulay na grumbacher oil tubes. Bubuklatin rin niya ang isang litratong naka-tupi sa singit ng easel at pagmamasdan ito. Ilang sandaling katahimikan. Maya-maya'y sisimulan niya ang pagpipinta.

ANTON. (mapapansin niya ang tahimik na pagpipinta ni SANTI). Isang linggo mo na'ng tinatra-baho 'yan-

Hindi kikibo si SANTI. Patuloy pa rin siyang magpi-pinta.

ANTON. Hindi pa ba tapos?

Sandaling katahimikan.

ANTON Hoy –

SANTI Ha? (lilingon siya kay ANTON. Babaling siya muli sa kanyang pinipinta) Kukunin 'to ngayong hapon. Mga alas dos daw.

ANTON Hirap ng may-deadline 'no –

SANTI Sinabi mo.

Sandaling katahimikan.

ANTON Kumain ka na ba?

SANTI Almusal? Hindi pa.

ANTON Gusto mo'ng kape?

SANTI Kahit ano. Basta papainit. (ngingiti siya-pabiro) Huwag lang beer.

ANTON (ngingiti) Hmm – kape't pandesal lang 'to
Hindi nakapamili si misis. Walang datung.

SANTI Okay lang.

ANTON 'Di bale. May mantikilya naman.

SANTI Gusto mo, 'tong pintura'ng inumin ko.

ANTON Huwag naman. Sayang Mahal masyado para pang-almusal. Grumbacher din 'yan.

SANTI Amuyin ko na lang kaya.

ANTON Puwede rin. Mabubusog ka pa. Makakakita ka nga lang ng kulay. At sala TB ng aabutin mo.

SANTI Nakakatawa 'no. Nakaka-afford tayo ng Grumbacher at saka mga imported na brush pero hindi tayo makabili ng pizza.

ANTON Anong hindi-kabibili ko lang sa inyo ng Shakey's kahapon. Masyado ka namang makakalimutin.

SANTI Oo nga pala. Isa lang kasi'ng nakain ko.

ANTON Pasensiya ka. Ang bagal mo kasi. Inunahan ka tuloy ni Caloy. Lima'ng kinain. E family size yon – Nag-tae nga.

SANTI Dumaan na ba si Caloy?

ANTON 'Di pa. Bakit, may usapan kayo?

SANTI 'Di nga ba. Ibebenta niya 'to.

ANTON Akala ko ba, kukunin na 'yan.

SANTI Yung isa'ng sinasabi mo. Yung 'Ricefield.'

ANTON E 'yan, may may-ari na?

SANTI Oo.

ANTON Mukhang kailangang-kailangan mo ng datung ngayon a.

SANTI Sino ba'ng hindi?

ANTON I mean, mukhang malaking kailangan mo.

SANTI Pang-tuition ng utol ko.

ANTON Tuition?

SANTI Hindi pa niya bayad ang balance. Hindi siya makakakuha ng finals.

ANTON Magkano lang ba yon. Wala pang limang daan yon.

SANTI May bibilhin pa ko.

ANTON Hirap sa yo, gastos ka ng gastos Alam mo naman sa trabahong ito. Biglang meron, biglang wala.

SANTI Nag-sermon ka na naman. Ang aga-aga. Pag pumangit to.

ANTON (tatawagin ang asawa sa loob) Delia!

Sandaling katahimikan

ANTON Delia!

Sandaling katahimikan. Pagmamasdan niyang muli ang obra. Mapapansin nito ni SANTI.

SANTI Hoy, baka matunaw yan.

ANTON Hindi matutunaw to. Dugo't pawis ang pininta ko rito.

SANTI Mukha ngang duguan ang itsura.

ANTON May paka violent kasi ang tema. Alangan namang mag-protest painting ka na walang violence.

SANTI Puwede. Subliminal.

ANTON Subliminal – sa mga nangyayari ngayon sa kapaligiran, komedya ang labas, kung subliminal. Yang ginagawa mo – subliminal violence.

SANTI (magpapatawa) 'MGA NAGHAHAMPASANG ROSAS' (sandaling katahimikan) Yung kape ko, ano ba.

ANTON (tatawagin muli ang asawa) Delia!

DELIA (mula sa labas) Ow.

ANTON Pahinging kape. Kay pareng SANTI. Atsaka pandesal kung mayroon pa.

DELIA (mula sa labas) Sandali. Pinaliliguan kong mga bata.

ANTON Mamaya na yan.

SANTI Bakit, ang katulong mo?

ANTON Umuwi kaninang madaling araw.

SANTI Sa probinsiya?

ANTON Pinauwi sa kanila. Tumelegrama yung kapatid
Malubha raw ang tatay.

SANTI Baka ginapang mo na naman.

ANTON Tarantado ka talaga. Ayun nga palang dahilan kung bat ako yagit ngayon.

SANTI Pinagbaon mo si Eden – (sandaling katahimikan sisikuhin niya si ANTON) Sigurado ka walang nangyari.

ANTON Tang-ina – Santi – Ayoko ng ganyang biro. Baka marinig ka ni Delia.

Sandaling katahimikan

SANTI Hmmm.

ANTON Anong oras kayong magkikita ni Caloy?

SANTI Sabi ko, alas diyes. Anong oras na ba?

ANTON Ewan. Pasado alas diyes na siguro.

Sandaling katahimikan

ANTON (tatawagin muli ang asawa) Delia.

SANTI Huwag mo nang kulitin. May ginagawa pala.

ANTON Akala ko ba, hindi na yan kukunin.

SANTI Sinong maysabi?

ANTON Sabi mo kahapon. Nadukutan kamo yung buyer.

SANTI Pinuntahan ako kagabi sa bahay. Nakahiram daw siya sa girlfriend niya.

ANTON Buti pa siya.

SANTI Buti pa siyang alin? Pasalamat ka nga, kumakain tayo ng tatlong beses isang araw. E yung ibang mga artists diyan, gutom.

ANTON Talagang starving artists.

SANTI (mapapatigil siya sa pagpipinta) Alam mo, nagtataka ako kung bakit may mga weirdong tulad nitong turistang nag-komisyon sa kin kopyahin tong litrato para gawing painting - Samantalang puwede naman niyang pa blow-up kung gusto niya. Anong ginagawa ng photography - Ba't ba gusto niya ng painting version – sagutin mo nga – me wala ka-feeling-feeling. Gusto pa niya kamo, eksaktong eksakto sa litrato. Walang iibahin.

ANTON Pina-blow-up na sana niya sa Kodak, ano.

SANTI Oo nga. Ang weird no. At saka kopyang-kopya ang gusto niya. Hindi mo bibigyan ng interpretasyon. Talagang sakripisyo.

ANTON Sakripisyong mortal, kamo.

SANTI Hindi mo tuloy mabigyan ng kahit kaunting feeling. Hindi mo maipamahagi ang estilo mo. Kahit katiting man lang. O ma-inspire ka para masabi mo naman na kahit papano, may na-contribute ka sa kinopya mo dahil a little of you is there -- a little of your impression on how you see the picture.

ANTON A little of your imagination and genius.

SANTI Kahit papano, di ba --E putang-ina -- kaya boring --

ANTON Huwag ka nang mag-ambisyong mag-share pa ng kahit kaunti sa statement o world view mo sa damuhung ginagawa mong yan dahil hindi ka nila bibigyan ng pagkakataon. Isipin mo na lang na dalawang libong pisong matatanggap mo sa sakripisyong yan.

SANTI Exploitation of the first order.

ANTON Alam mo pala e, ba't ka nagpapa-exploit?

SANTI Kailangan e. Atsaka, mutual exploitation naman.

ANTON 'Di titiisin mo.

SANTI Kung hindi ko lang kailangan talaga – kaya tingnan mo. Walang ka-feeling-feeling. FLAT.

ANTON Parang pinagdaanan ng xerox machine. Saan ka naman makakakita ng plakadong-plakadong painting na tulad niyan – Mas maganda pa nga sa xerox e dahil ang xerox, black and white. E ito, colored. Ang kikinang pa.

SANTI Para akong gumamit ng Kodacolor gold.

ANTON Oo nga 'no.

SANTI		Kaya nga sa kuwarta ko na lang ine-equate tong mga oras na to.

ANTON		Bakit, hindi ka mahilig sa rosas?  Nature din yan.

SANTI		Mahilig.  Pero sa sarili kong rosa.  Sarili kong likhang rosas.

ANTON		Hindi bale.  Nakakagawa ka naman ng mga serious works.  Yung mga obra mo, okay naman.  Yung talagang maipagmamalaki mo.

SANTI		(patuloy siyang magpipinta) Oo nga.  Ang kaso naman, hindi nabebenta.  Hindi pambili ng bigas.

ANTON		Sabagay, Di tulad niyan. (ituturo niya ang pinipinta ni SANTI)

SANTI		'Di tulad nito.

ANTON		Nasusuka ka na ba?

SANTI		Hindi pa naman.

ANTON		Pag-bayad sa yo, mag-blow out ka.

SANTI		Oo ba. Yun lang pala.

ANTON		Huwag sa Mister Donut.  Baka Honey Dipped na naman ang iblow-out mo.  Tsaka kape.

SANTI		Lechon at beer, puwede na?

ANTON		Okay – anything, basta may beer.

Sandaling katahimikan

ANTON		Hamot may bibili rin sa mga obra mo.

SANTI		Magbibig anghel ka sana.

ANTON Hindi mo pa lang oras ngayon. Kanya-kanyang panahon lang yan.

SANTI Seasonal din pala.

ANTON Hindi ka palang nakakarating don. But once you're there, sunud-sunod na yan. Panatiliiin mo lang na magandang attitude mo.

SANTI Saan?

ANTON Sa lahat ng bagay. Sa craft mo. Sa pamilya mo. Sa mga kaibigan mo. Sa sarili mo. Sa buhay. SA KANYA.

SANTI Hindi ako nakakalimot dyan. Lalo ang tumawag sa Diyos.

ANTON Di mabuti. Just keep that up, okay ka na.
Tingnan mo 'ko.

SANTI Pero nandito ka pa rin.

ANTON Well, choice ko to. Mas pinili kong mag-starving artist kaysa sa humalik sa puwit ng mga bureaucrats na yan.

SANTI Kailangan mo ba talagang mag-compromise para mag-tagumpay?

ANTON In a way, yes. Lalo na sa mga katulad natin. Hindi naman tayo anak mayaman. Rich artists can practically do things on their own and at the same time avoid being exploited. But we can't. Kailangan nating mabuhay. Buti nga kahit papaano, nakakapinta pa tayo ng gusto natin. Yung iba dyan, nagde-design na lang ng briefs. Kagaya nung isang classmate ko, hindi nahahasa ang craft nila. Suwerte pa tayo. (sandaling katahimikan) Mabuti pa nga yung mga nagje-jeepney design o pottery design o buckle design atsaka sa mga sinturon ---

SANTI Oo.

ANTON Kasi, kahit na nagkokomersyal sila, their art forms still reflect certain Filipino values. A sense of identity kung baga, kagaya ng jeepney design – pinoy na pinoy yan. Kultura natin ang pinauusbong dyan. O yung tinatawag nila ngayong new wave in Filipino art. Mixed media ng mga old materials gaya ng gubat, o mga kahoy-kahoy o mga bahay ng langgam - Very original di ba. Yet, sariling atin. (sandaling katahimikan) gaya ng mga obra mo. Hindi pang-masa ang style mo. Yang pa abstract-abstract mo. Atsaka ang tema mo.

SANTI So? Wala na sila ron. Yan ang trip ko e. Besides, I refuse to be dictated by my audience.

ANTON Do you have an audience?

SANTI Of course!

ANTON (pabiro) The public at large!

SANTI (mapipika) Anton, umagang-umaga kung anu-anong ---

ANTON Well, if you don't wanna give in to your audiences demands, don't blame yourself kung hindi mabenta yang mga obra mo.

SANTI Maling prinsipyo naman yan, 'Ton. Kaya nga obrang tawag mo dahil hindi ka nagco-compromise.

ANTON Hindi compromise 'yon.

SANTI E ano?

ANTON Investment.

SANTI Investment?

ANTON Investment for your future audience. Your chance to develop an audience first before plunging yourself into more estoteric forms and themes. Para safe ka.

SANTI Ganon ba ka-unusual ang mga paintings ko?

ANTON Yung mga obra mo, oo. Masyadong elitist.

SANTI Elitist!

ANTON Pang burgis. Hindi naman ikaw yan. Hindi ka naman burgis. Youre not true to your artwork. Saan mo ba pinag-kukukuha yan?

SANTI Hindi ko kinopyang mga yan.

ANTON Hindi ko sinabing kinopya mo. Ang sabi ko lang, your paintings don't speak of yourself.

SANTI But it may speak of my dreams. My wants, my ambitions, my desires --

ANTON Your subconscious --

SANTI RIGHT!

ANTON Maiintindihan kaya ng masang Pilipino'ng mga nasa subconscious mo?

SANTI Bakit hindi? Ang mga pangarap ko'y hindi siguro nalalayo sa mga pangarap nila.

ANTON Paano ka nakasisiguro?

SANTI Pareho kami ng mga layunin – Parehong ---

ANTON Abstract, maiintindihan ng masa?

SANTI Depende kung gaano ka-abstract. Bakit, masyado bang –

ANTON It's 20 years ahead of its time!

SANTI Wow, pinatataba mo naman ang puso ko --

ANTON Masyadong high-brow.

SANTI Ganon ka-advance?

ANTON Kaya after 20 years ka pa makakatikim ng caviar at imported vintage wines. 'Tiis ka muna sa Mister Donut at pizza.

SANTI 'Tang-ina mo. Kala ko pa naman, totoo.

ANTO Pero seriously, o --- (itataas ang kanyang kanang kamay)

SANTI Ano?

ANTON Hindi ba high brow yan? Yung kanan nga lang ang nakataas. Kung gusto mo yung kaliwa, o. (itataas naman ang kaliwa niyang kilay)

SANTI (akmang itatapon ang kanyang pinipintang canvas) Ibabalibag ko kaya sa yo to ---

ANTON Subukan mo't mawawalan ka ng pang-tuition sa utol mo.

SANTI Wala ka ring blow-out.

ANTON O, sige, sige ---

SANTI (mapapansin niya ang 'MAGSASAKA' ni ANTON) Akala mo naman, obrang-obra na yang ginawa mo.

ANTON Hindi nga ba? Ibang-iba ang quality -- Sophisticated, yet earthy.

SANTI Sophisticated ba ang ipakita mo ang violence sa Ampatuan Massacre?

ANTON Protest painting nga, ano ka – kaya nga social realism e.

SANTI Sa palagay mo, isasabit nila sa dingding ng bahay nila ‘yan?

ANTON Bakit hindi – If I was able to show the truth – it’s the sincerity of experience that counts.

SANTI But it isn’t decorative. So it doesn’t enhance beauty. Walang homey appeal. Ask any interior designer kung papayag silang ikabit yan sa bahay ng mga kliyente nila.

ANTON Bakit, for beautification lang ba ang function ng isang work of art? May sinasabi naman to a. Besides, art is not made to be understood, wika nga ni Picasso. If we appreciated any beauty of nature, like the chirping of a bird, we won’t wonder anymore why we appreciate them. We don’t need to understand what a bird is saying, ‘di ba?

SANTI That is because they’re birds. But we’re humans. And as human beings, we have to understand each other because art is supposed to be universal. Besides, I dislike the chirping of birds.

ANTON O. Na-pika ka na – Hirap sa yo ---

Sandaling katahimikan

ANTON O, sige na nga – You’re painting is like the chirping of a bird.

Tatawa si ANTON. Hindi kikibo si SANTI. Maya-mayay darating si DELIA na may dala-dalang tray ng pantimpla sa kape. May ilang mga pandesal din na may mantikilya ito.

ANTON O. Finally, dumating din!

DELIA E pano, nag-igib pa ko sa baba. Walang tumutulo sa banyo.

ANTON E di tinawag mo sana ko.

DELIA Di ka ba tinawag ni Boyet?

ANTON Hindi.

DELIA Pinatatawag kita kay Boyet. Sabi, nagpipinta ka raw.

ANTON Sinungaling yang batang yan – Tawagin mo nga! BOYET!

DELIA Huwag na. Kapapaligo lang, papaluin mo na naman (habang nagtitimpla ng kape) O, pare – (iaabot niya ang isang tasa ng kape kay SANTI)

SANTI Salamat, mare. Naistorbo ka namin.

DELIA Hindi. Okay lang. Ikaw, 'Ton, gusto mo pa?

ANTON Sige nga.

DELIA (magtitimpla siya ng kape sa asawa) Ang aga mo yata, pare.

SANTI May usapan kami ni Caloy. Hanggang ngayon, yata, pare.

DELIA Hindi ka na nasanay sa taong yon. Laging atrasado. Bakit, maniningil kayo?

SANTI Siya lang. Tapos, ibebenta niya 'tong 'Harvest' ko.

DELIA (kay ANTON) Ikaw nang magtimpla ng asukal. Baka matamisan ka na naman.

ANTON Hindi ka pa ba sanay sa timpla ko – Paano ka makaka-appreciate ng timpla ng mga kulay dito, kung sa kape ---

DELIA Isa lang ang nakasanayan ko sa timpla mo.

ANTON Alam ko na yan. Huwag mo nang ituloy. Nakakahiya.
Nandito si pare.

DELIA Si pare lang naman.

ANTON Ano'ng tanghalian natin?

DELIA Sinigang na baboy.

ANTON Yung maanghang?

DELIA Oo.

ANTON Yung maanghang na maanghang?

Hahawakan niya't tatapikin sa puwit si DELIA. Papaalis na sana siya nang ---

DELIA Kulang 'tong ibinigay mo sa 'kin.

Kukuha si ANTON ng sigarilyo sa kanyang bulsa at iaabot niya ito sa kanyang asawa.

ANTON O.

DELIA (kay SANTI) Maiwan muna kita, pare.

SANTI Sige, mare.

Tuluyang aalis si DELIA.

ANTON Yang asawa kong yan. Kahit ganyan yan, napapakinabangan.

SANTI Mabait naman talaga si Mare. Ikaw lang e.

ANTON Kung hindi ko pa tinuruan yan, naku –- baka akong nahihirapan ngayon.

SANTI Anong turo?

ANTON Walang kaalam-alam yan, kala mo. Fourteen years old yan nung pinakasalan ko. Galing probinsiya.

SANTI Ilang taon ka no'n?

ANTON Thirty.

SANTI Mahilig ka pala sa bagets a.

ANTON Nagkataon lang.

SANTI Tapos --

ANTON Ayun. Tinuruan ko siyang mag-aapreciate sa art. Sa painting. Sa mga kulay. Ganon –- Ngayon, nakakaintindi na.

SANTI Matagal na rin kayong kasal, no.

ANTON Four years na.

SANTI Yung iba nga diyan, asawa nilang dealer nila.

ANTON Okay yon. Pero huwag kang magpapalakad sa mga yon. Dahil uunahin nilang ibenta yung trabaho ng asawa nila bago sa yo. Sasabihin nila, "nabenta na yan. Ito na lang". (sandaling katahimikan) Sana magtagal kami.

SANTI Magtatagal kayo. Huwag ka lang magkukulang sa kanya.

ANTON Hindi ako nagkukulang, Santi, lalo na sa kama.

SANTI Hindi yan ang ibig kong sabihin.

ANTON E Ano?

SANTI Bilang ama. Pagkain, sustento, Ganon.

ANTON 'Magsalita ito, kala mo may pamilya. Subukan mo kayang mag-asawa at tingnan natin kung gaano kadali ang sinabi mo.

SANTI Kaya nga ayokong mag-asawa 'e.

ANTON Yan ang sabihin mo. Kaya wala kang motivation na magsumikap e. Pansarili mo lang ang iniisip mo.

SANTI Ayoko kasing magka-problema.

ANTON Hindi ganon ka simple ang buhay.

SANTI Hindi rin ganito ka simpleng mabuhay. Ang maging pintor. Lalo na kung ikaw ang maglalako ng sarili mong trinabaho – Dyahe. Nakakababa, 'di ba?

ANTON E bat ka maglalako – Kaya nga nandiyan ang mga katulad ni Caloy e. Kaya naman niyang mag-deal mag-isa. Nakakaintindi naman siya. Artist din 'yan.

SANTI E bat minsan, sumasama ka sa kanya?

ANTON Mga rare cases lang yon. Pag hindi maiwasan.

SANTI Tulad ng ano?

ANTON Pag garapal yung buyer. Alam mo naman yang iba diyan. Takutan muna bago magbayad. Marami ring balasubas na mga buyer – In fact, yung ibang mga dealers, kung di mo kilala, lolokohin ka. Kayat hindi ko alam kung anong ginagawa ng gobyerno natin. Puro na lang mga kilalang senior artists ang pina-partronize nila. Paano naman yang mga baguhang may talents kagaya mo? Bat di nila bigyan ng chance na ma-share ang kanilang talino sa painting Ang mga katulad nyo ang kailangan ng government support, hindi yun mga kilala na. Paunlarin nila ang mga deserving artists sa bayan natin. Di yung sila-sila o tayo-tayo lamang.

SANTI Parang narinig ko na yan 'a.

ANTON Ang alin?

SANTI (ngingiti) Ang sila-sila- tayo-tayo.

ANTON Nagpapatawa ka 'a.

SANTI Nagpapatawa ka ba?

ANTON Hindi ba – tama ako.

SANTI Oo. Ang tagal ko nang napansin yan. Tulad ko. O tulad mo - May mga talent naman tayo. But we deserve a break. Para hindi tayo napipilitang gumawa ng mga gumamela't water lily. O puro harvest at ricefield o rosas na lang. O gaya nito – (itutukoy niya ang kanyang pinipinta) 'Di bale na sana kung katulad natin yung mga may-kayang artists diyan sa San Juan. O sa Greenhills. O sa Makati. Sila – kaya nilang mabuhay na hindi nagko-komersyal. Dahil may pera sila. Kahit hindi sila siguro magtrabaho. Pwede silang mag-serious o mag-'pure art' hanggang sa gusto nila. Mag obra ng mag obra – Ba, ang mahal yata ng gamit ngayon. Gutom ka kung hindi mo mabawi ang gastos mo.

ANTON Kaya kayang-kaya nilang mag-experiment. Nakuwento ko ba sa inyo non? Nung sumali ako sa Pinaglabanan group. Kabarkada ko rin kasi ang mga yon e. First time ko non. Group exhibit namin. Nung opening, lahat sila nakabenta. Ako lang ang hindi. Ang sama na loob ko. Parang gusto ko nang mag-quit. Wala yata akong talent, sabi ko sa sarili ko. Imagine, lahat sila, ako lang ang hindi.

SANTI Nung mga succeeding days, may nabenta ka?

ANTON Wala pa rin.

ANTON Tapos, sinali nila uli ako. After two years. Kailan ba non? Mga '79 yata. Sabi ko, huwag na kaya, dyahe. Hindi na naman ako makaka-benta. Pero sabi nila, 'okay lang. Who knows, by this time, baka makabenta ka. Pana-panahon lang iyan e.' Sumali uli ako. Alam mo, sa opening, out of 9 titles na ginawa ko, dalawa lang ang natira! Ang tuwa ko non! Nag-blow-out ako. Cash pa yung tatlo. Inumaga kami. Tuwang-tuwa sila sa akin. Biro nga nila, next time daw, di na nila ko isasali - Nakakasira daw ako ng diskarte.

SANTI E yung dalawa?

ANTON Nabenta rin kinabukasan. Kaya nga wala na ko sa exhibit nung pangatlong araw e.

SANTI Okay a.

ANTON (kay CALOY) Kaya pare ko, kaunting tiyaga. Anong malay mo, mapag-tripan nilang mga ginawa mo – You just can't please everyone.

SANTI Pana-panahon din yan kasi 'e.

ANTON Alam mo, Santi, napag-isip-isip ko, hindi rin e. Kasi ---

SANTI Ano?

ANTON Pag nakuha mo nang pulso ng masa, maaring pati A and B kasali – Okay ka na.

CALOY Ano, may formula ba?

ANTON Wala. Kasi, kung mayroon, mayaman na tayo ngayon. Palagay ko, yung truthfulness mong importante. Yung sincerity mo sa mga tema at technique na ginagamit mo na babagay rin sa tema mo. Yung passion mo. Kahit anong mood pang ipakita mo, basta nasa kaibuturan nito (ituturo niya ang puso) At taimtim. Siguradong kakagatin – kahit anong paniniwala mo.

At biglang susulyap si CALOY TRINIDAD sa pinto.

CALOY TAMA! Pero baka may makarinig sa inyong taga Makati dyan a – Dakdak kayo ng dakdak.

ANTON (pabiro ngunit animoy seryoso). Hoy! Umalis ka dito. Taga-Mabini ka ba?

SANTI Tang-ina mo, Caloy! Dumating ka pa!

CALOY Sorry, boss. Na-stranded ako sa bahay e.

ANTON Bakit, nag-away na naman kayo ni Nini no. Anong ginawa mo?

CALOY Wala.

ANTON Anong wala?

CALOY Inumaga lang ako ng inom kagabi.

ANTON Kaya pala 'e.

CALOY Pano ako hindi uumagahin e, maghapong naki-paglasingan yung buyer ko. Gusto yatang ubusin lahat ng beer sa Mabini. Anong magagawa ko. Baka hindi ibigay yung balance mo. (kukunin ang pera sa kanyang wallet at ibibigay ito kay ANTON). O --

Tatanggapin ito ni ANTON.

ANTON Pinatawad mo?

CALOY Hindi, oy. kahit na pagapangin pa niya ko sa kalasingan, naka-imprenta na sa utak ko ang presyo n'on.

ANTON E 'di three-five 'to.

CALOY Bilangin mo.

ANTON (agad na isisilid sa kartamuneda ang pera) Huwag na.

CALOY Bilangin mo para sigurado. Mamaya, magastos mo yung iba, tapos di mo alam – Akalain mo pang kulang yang binigay ko.

ANTON O, sige – (dudukutin muli ang kartamuneda at bibilangin ang pera)

SANTI 'Ton, tatlong case ang kontribusyon mo mamaya a.

ANTON Oo ba.

SANTI Tsaka tatlong crispy pata.

ANTON (pagkatapos bilangin ang pera) Bakit tatlong libo lang to?

CALOY Kinuha ko yung five hundred. Kailangan ko kasi kanina e. Binigay ko sa misis ko. Kulang yung komisyon ko e. Okay lang? Hiram lang naman. Babayaran ko sa susunod na deal.

ANTON Okay lang – Nandyan na e. Kaya pala pinabilang-bilang mo pa. Gumi-gimmick ka pa. Sigurado bang kay kumare napunta yung pera 'a.

CALOY Oo. Gusto mo, tanong mo pa sa kanya. Pero kung di ko nga sa kanya binigay, ano naman ang pakialam mo.

ANTON Wala nga. Babayaran mo naman e. Kaya lang hindi na kita pahihiramin.

CALOY Sa kanya ko inabot – ikaw naman o. Di ka na mabiro.

ANTON Dapat naman. Anim ang anak mo.

CALOY (kay SANTI. Tinitingnan niya ang pinipinta nito) O, ano hindi pa ba tapos yan?

SANTI Finishing touches na lang.

CALOY Akala ko ba, akong late – E di pa pala tapos.

SANTI Nilalapatan ko lang ng cream sa dahon.

CALOY (habang tinitingnan ng maigi ang painting) Kopya-kopya a. Ultimo pahid.

SANTI Yan ang gusto ng Australyano e, ‘di sundin.

CALOY Ibigay ang hilig.

SANTI (habang patuloy siyang nagpipinta) Sigurado bang magbabayad yon?

CALOY Oo. Kung hindi di, papu-pulis ko siya.

ANTON Nag-deposit naman yata, di ba?

SANTI Hindi.

ANTON Ha? Bat di mo hiningan?

CALOY E, checkeng ibibigay e. Sabi ko, i-cash na lang niya pagkuha niya.

SANTI Di kaliwaan.

Sandaling katahimikan.

Maya-mayay mapapansin ni CALOY ang obra ni ANTON na nakasandal sa easel.

CALOY Kanino ‘to?

ANTON Sa ‘kin. Bakit?

CALOY Political na naman.

SANTI (habang nagpipinta) Committed artist daw ‘e. Social commentary.

CALOY (bubuntong-hininga) Ay naku, walang bibili niyan.

SANTI Sabi ko nga, iregalo mo yan, kahit sa CR, ‘di nila isasabit ‘e.

ANTON Bakit, ireregalo ko ba? Ibebenta ko ba?

CALOY E anong gagawin mo?

ANTON Wala. Dito lang.

CALOY Sa yo lang ‘a.

ANTON Masama ba? Ginawa ko to dahil gusto kong gawin.

SANTI Sabagay, Ikaw naman ang gumastos dyan. You can do anything with it.

CALOY Puwedeng isanla. Puwede rin gawing collateral. Mapapakinabangan mo rin yan.

ANTON Kagaya ngayon, pinagtitripan ko.

CALOY Baka mabuhay yan, pare.

SANTI (magpapahid ng pawis sa kanyang panyo) O, tapos na.

CALOY Patingin nga – (lalapitan yung painting. Pagmamasdan ito) Photo finish ‘a.

SANTI Okay ba?

ANTON Anong title niyan?

SANTI Wala. Ewan ko.

ANTON Lagyan mo ng title.

SANTI Hindi naman sa 'kin to 'e.

ANTON (magbibiro) Alam ko na.

SANTI Ano?

ANTON 'PURGA!'

CALOY Bakit?

ANTON Purgang-purga na kasi siya habang ginagawa niya 'yan 'e.

SANTI Hindi. Ang magandang title ay 'SUKA!'

CALOY Sukang Iloko?

SANTI Sukang-suka na ko sa ganitong pagko-komersyal.

CALOY Hamo't mamaya, pagbalik mo, magsusuka ka sa blow-out mo.

SANTI Balik ka agad 'a. kailangan ko ng pera bukas.

CALOY Oo. Mamaya 5:30 sa Dunkin Donut.

SANTI Sige. Kahit na alas seis.

CALOY Okay. (kukunin niya yung canvas at maingat na babalutin ng Manila paper at nylon cord na galing sa kanyang mumurahing portfolio)

SANTI Ingatan mo.

CALOY Oo.

ANTON (mapapansin niya si CALOY) Ever ready ka pala sa mga balutan 'a.

SANTI Dapat.

CALOY Nagi-improved na siyempre. Full-pledged dealer na 'e.

ANTON (kay CALOY) Wala ka na bang balak mag-pinta muli?

CALOY Huwag muna nating pag-usapan 'yan.

ANTON Bakit, may talent ka naman 'a.

CALOY Kung may talent ako, hindi na sana ako nagbebenta ng mga gawa n'yo.

ANTON Kala ko ba, sabi mo, mas malaking kita ng pagbebenta kaysa sa pagpipinta?

CALOY Sa kin, oo. Dahil naman nabebentang mga gawa ko. Kung nabibili ba'y, di nag-pinta na lang ako.

SANTI Sabagay, komisyon lang ang nakukuha mo. Kung ikaw ang gagawa, iyong-iyo.

ANTON Makakabenta ka rin. Ituloy mo lang ang pagpipinta. Sayang naman kung di mo pina-practise ang kamay mo. Kinuha mo yan 'e.

SANTI Fine Arts ka ba?

CALOY Oo.

SANTI Saan?

ANTON (kay SANTI) Three years ahead sa 'kin 'yan. Sa UST.

SANTI Natapos mo?

CALOY Oo naman.

SANTI 'Yon pala e. Ako nga, hanggang 3rd year lang.

ANTON PWU ka, 'di ba?

SANTI Nung first two years. Tapos, lipat akong UST.

ANTON Ba't di tayo nagkita?

SANTI 1984 non, ano ka --

ANTON Nga pala 74 ako. (kay CALOY) Ikaw?

CALOY 71. Tagal na.

ANTON ‘Di naroon ka nung mag-martial law --

CALOY Oo. (sandaling katahimikan) Di naman ako prolific ‘e.

Sandaling katahimikan

CALOY Sige. Mauna na ko sa inyo.

ANTON Kita tayo mamaya.

SANTI Ikaw. Wala ka namang lakad yata.

ANTON Pupunta ko kina Pio mamayang alas tres. Papakita ko tong gawa ko.

SANTI Sinong Pio?

ANTON Pio Rodriguez. Yung senior artist.

SANTI Kilala mo yon?

ANTON Naging teacher ko sa Visual Composition. Kararating lang niya galing Europe. (kay CALOY) Naabutan mo ba ‘yon?

CALOY Hindi. Sandali lang yata siya nagturo, ‘di ba?

ANTON Alam ko, mga two sems lang. Tapos, nagpinta na lang ng nagpinta. Guest lecturer siya namin n’on.

SANTI Wala pa sya sigurong studio n’on.

CALOY Nagturo rin siyang UP pagkatapos. Pero sandali lang.

ANTON Ah.

CALOY O, sige.

ANTON Sige. Hahabol ako. Baka magtagal ako don e. Alas nueve pa naman. Nandon pa kayo n’on, ‘no?

SANTI Talagang hihintayin ka namin. Magblow-blow-out ka 'e.

ANTON 'Nga pala.

CALOY Sige.

Lalabas si CALOY

ANTON Sige, CALOY. Ingat.

SANTI (sisigaw sa labas) THANK YOU.

Ilang sandaling katahimikan

SANTI Mukhang frustrated talaga si Caloy, 'no --

ANTON Liliwanag din ang isip niya. Magtiyaga lang siya, makakabenta rin yan, makita mo.

SANTI Pero komersyal din.

ANTON Hindi. Kahit seryoso. Pati ikaw. Huwag ka lang titigil gumawa ng gusto mong gawin.

SANTI Ang kaso, magastos.

ANTON 'Di bale. Investment mo rin 'yan. Kung baga, portfolio mo. Mag-laan ka ng pera para d'yan. Okay lang kung mag-komersyal ka. Paminsan-minsan lang naman 'e. Practice din 'yan.

SANTI E ang kaso nga, madalas. Ikaw rin, 'di ba?

Mapapangiti si ANTON na animoy may gustong sabihin. Sandaling katahimikan.

ANTON Wala tayong magagawa. Kahit na ayaw natin, kailangan.

SANTI Pagawa sa yong isang litrato ng limang beses, tingnan natin king di ka mahasa.

ANTON (mapapansin niya ang 'HARVEST' ni SANTI) O, yung 'HARVEST' mo, hindi mo pinadala.

SANTI Bukas na lang. Aayusin ko pa yung mga palay 'e.

Papasok si DELIA may dalang kanin.

DELIA		Antonio, kain na!

ANTON		(sisigaw) Oo! (kay SANTI) Tara. Dito ka na kumain.

SANTI		Nakakadyahe na yata, ‘Ton.

ANTON		Hmm – Nahiya ka pa (pabiro) Mayroon ka ba n’on?

SANTI		Sabagay – Wala nga --

ANTON		Sinabi mo.  Tara na.  Kain na.

Unti-unting didilim ang entablado.

**IKALAWANG YUGTO**

Makalipas ang tatlong oras. Alas tres kinse ng hapon. Sa studio sa bahay ni G. Pio Rodriguez, isang tanyag at mahusay na pintor. Nagpipinta siya ng kaniyang panibagong obra: isang balinkinitang babaeng nakahubad na nakaupo sa harap nito. Patapos na si PIO at kasalukuyang nasa :finishing touches" na. Habang nag-uusap sila ni ANTON ay pinagmamasdan niya ang pagbibigay buhay ni PIO sa modelo sa paligid ng canvas. Maaliwalas ang studiong iyon. Presko at may sikat ng araw na sumisilaw sa kaliang parte ng kuwarto na pinaglalagyan ng ilang icons, antigues at ibang mga larawan ng sarili niyang likha. Medyo makalat ang lugar na ito.

PIO Sandali lang 'a – Matatapos na.

ANTON Okay lang. Pagod na rin siya e. Tapusin mo na.

Ilang sandaling katahimikan. Susuriin rin ni ANTON ang paligid ng studio habang umiinom siya ng isang baso ng iced tea. May kasamang cup cake ito.

PIO (habang gumuguhit) Kamusta ka na?

ANTON Heto.

PIO (susulyap siya kay ANTON at mapapansin ang nakabalot na canvas sa ibabaw ng silyang nasa tabi niya) Sa 'yo ba 'yan?

ANTON Oo. Pakikita ko sana 'e.

PIO Latest mo?

ANTON Oo.

PIO Tungkol saan?

ANTON Socio-political.

PIO Yung uso ngayon?

ANTON Matagal na.

Sandaling katahimikan.

ANTON Okay lang ba?

PIO Ang alin?

ANTON Ang pakita ko sa 'yo.

PIO Oo ba. I'd be glad to.

ANTON Objective comment 'a.

PIO Kailan ba ko naging personal?

ANTON Sabagay.

Sandaling katahimikan.

PIO (habang patuloy pa rin siyang gumuguhit) Ano bang pinag-aabalahan mo ngayon?

ANTON Wala. May mga commissioned projects ako. Mga pending na trabaho sa mga turista.

PIO Any exhibit?

ANTON Wala muna. Walang nag-iimbita e. Walang sponsor.

PIO Gusto mo, i-sponsor kita?

ANTON (mabibigla siya) Talaga?

PIO Why not – tagal nang overdue sa yo. It's about time na mag-one-man-exhibit ka. Ilang taon ka na bang nagpipinta?

ANTON Mga 15 years na.

PIO Kita mo Kailangan na nga.

ANTON Yagit kasi tayo 'e.

PIO Don't worry. Ako'ng bahala.

ANTON Kailan?

PIO Anytime you want.

ANTON Are you serious?

PIO Do you think I'm not?

Ilang sandaling katahimikan. Liliwanag ang mga mata ni ANTON.

ANTON (iche-cheers niya yung iced tea sa harap ni PIO) This calls for a celebration!

PIO You deserve it, though.

Pupunta siya sa modelo at iche-cheers niya rin ito. Mapapangiti ang modelo. Maya-maya'y --

PIO O, tapos ka na --

MODELO Ay, salamat.

PIO Giniginaw ka ba?

MODELO (kukunin ang bathrobe sa silyang tabi niya) Ang init-init nga 'e.

PIO Ganyan ka na lang.

MODELO Pio, a --

PIO Anton, si Mara. Modelo ko. Mara, si Anton – isa sa mga top-rated artists ng Mabini.

MARA		Kumusta?

ANTON		Hi.

PIO		O – (kay ANTON) Baka gusto mong mag-model sa 'yo si Mara, sabihin mo lang.

ANTON		Sige.  Sa next project ko.  Sa solo exhibit ko.

PIO		Tama!

MARA		(kay PIO) Hey, I have to go.

PIO		Okay.  Thanks a lot.

MARA		You're welcome.

PIO		Sa uulitin 'a.

Ngingiti si MARA.  Lalabas siya sa studio na naka-bathrobe lamang.

PIO		You know your way to the bathroom.

MARA		I know.

Sandaling katahimikan.  Mapapangiti ang dalawang magkaibigang pinto.

PIO		Maganda siya, 'di ba?

ANTON		Atsaka hayop ang katawan.  Ang sarap ipatong sa canvas.

PIO		Sa canvas lang?

ANTON		Pilyo ka pa rin 'a.

PIO		So now you know where I draw my inspiration from.

ANTON		Alam ko.  Alam kong magaling ka pa rin pumili.

PIO Ako ba, pipili ng di maganda – Ang pangit ko na nga 'e. Ano pang mangyayari sa 'kin?

ANTON Hindi ka naman pangit. Rugged looking lang.

PIO Kaya mas sensitive ang taste ko sa mga magaganda.

ANTON Ganon ba 'yon.

PIO Siyempre, ang mga guwapo, walang mga taste 'yan. Kasi ordinary na sa kanila ang magaganda. Hindi na iba sa kanila. Tingnan mong mga Caucasians, mga Americans – ang type nila, mga ethnic looking. Mga exotic. Mga pinay na maiitim at kinky ang buhok. Mga mukhang chimay.

ANTON 'Ba, maganda ang chimay ko, hoy.

PIO Kasi, unique sila. Pag bihira 'yon sa isang lugar, it becomes outstanding. Kaya gumaganda.

ANTON Well, if that's their concept of beauty --

PIO Patingin ng obra mo.

Kukunin ni ANTON ang kanyang painting at bubuksan ito ng dahan-dahan na animoy talagang pinag-iingatan ng husto. Ipapakita ito kay PIO.

ANTON O.

Ilang sandaling katahimikan. Pagmamasdan ni PIO ng maigi ang obra ni ANTON. Ngingiti ito at susulyap kay ANTON.

PIO Galit na galit.

ANTON May passion ba?

PIO Sumisiklab.

ANTON What do you think?

PIO Mas gusto ko yung isang dinala mo.

ANTON Alin, yung 'Dapithapon'?

PIO Countryside scene 'yon, 'di ba?

ANTON Oo.

PIO Mas gusto ko 'yon. Parang mag-asawa yung tingkad ng kulay ng sunset at sunrise - yung shade mo nang magenta at tangerine.

ANTON Marmalade 'yon. Crimson mixed, actually - kaya lang, a little darker than the usual marmalade.

PIO Oo nga. Marmalade – magandang contrast sa kulay ng bukid na almost rust and apple green.

ANTON Tuyo kasi ang lupa n'on.

PIO Gan'on ang gusto ko. D'on ako napa-bilib sa iyo. Tulad nitong estudyante ko.

ANTON Nagtuturo ka uli?

PIO Tutorial class lang. Dito sa bahay.

Tutungo siya sa isang sulok at kukunin ang isang nakasabit na painting.
Ipakikita niya ito kay ANTON.

PIO Tingnan mo 'to. Anong oras sa palagay mo ang sikat ng araw dito?

Ilang sandaling katahimikan. Pagmamasdan ni ANTON ng maigi ang larawan.

ANTON Maga-alas siyete.

PIO Tama. Pero 'di mo napapansin yung ilaw na pumasok sa loob ng bintana, nag-iba --

ANTON Reflection ‘yan. Kaya dapat, lighter ang shade. May halong cream at dapat, mas pino ang pahid, ‘di ba.

Imumuwestra ni ANTON ang lugar sa larawan na tinutukoy niya. Sasalatin ng maigi ito.

ANTON (habang sinasalat niya ang tinutukoy sa larawan) O --

PIO Tama. Pero hindi nagco-compliment sa shadow na na-create don sa buhok niya. Nagmukhang kalbo, o --

ANTON Pero kung iyan ang natural reaction ng ilaw ‘e --

PIO ‘Di dapat, hindi niya sana inanggulo ng ganito. Dapat dinaya na lang niya yung puwesto ng babae. Instead na nakadungaw sa direksiyong yan, sana, kunwari, may pinagmamasdan siyang bulaklak o ano man para yung line of gaze niya, sa kanan.

ANTON O sana, nasa ulo na lang niya yung bulaklak o ano man yon para ma-break yung monochromatic tone ng ilaw at buhok niya.

PIO Puwede rin.

ANTON Atsaka kulang sa flesh tone, di ba?

PIO Well, sa kin tama na.

ANTON Alam mo, nami-miss ko yung mga ganitong usapan.

PIO Bakit, marami ka namang kasamang pintor sa inyo ‘a --

ANTON Oo. Pero halos flat ang mga pananaw nila. Halos puro litrato kasi ang pinagkokopyahan. Kundi kalendaryo, mga postcards. Wala na sa kalooban nilang ginagawa nila. Nagmumukha na kaming robot doon.

PIO Pati ikaw?

ANTON Minsan – (sandaling katahimikan) Madalas --

PIO Although you can't blame them. Mga commissioned works 'yan 'e.

ANTON Iba talaga yung galing dito – (ituturo niya ang puso nito).

PIO Pero honestly, hindi ko gusto ito.

Pagmamasdan niya yung dalang canvas ni ANTON ang 'MAGSASAKA.'

ANTON Anong problema?

PIO Masyadong madilim. At magaspang.

ANTON E kung iyon ang isinasaad ng tema e. Kaya nga amber at somber tones ang bagay.

PIO Textural metaphor, you mean --

ANTON Exactly.

PIO Youre right – although this makes the painting too prosaic for comfort. Hindi ka nag-iiwan ng imahinasyon sa audience mo. Masyadong literal. Dapat, mag-create ka ng contrapuntal stroke through complimentary colors or shades na makaka-deviate sa audience ng straight forwardness ng message. That's why it looks flat. It feels flat. Masyadong linear ang structure. Nagmumukhang propaganda tuloy. Mukhang cliché na.

ANTON (medyo inis na siya) Ano pa?

PIO Yon lang.

ANTON Parang gusto mong sabihin, ulitin ko na lang kaya.

PIO Nasa sa yo yan. Pero di ko sinabing ganon. Ang sabi ko lang it could have been better.

ANTON (uubusin niya ang kanyang iced tea) May iced tea pa?

PIO Sandali. (tatawag siya sa labas) Pinang, iced tea pa.

Sandaling katahimikan.

PIO Ano'ng sa palagay mo?

ANTON (iibahin niya ang usapan) May latest ka bang ginagawa ngayon?

PIO Puro pasadya. In fact, marami akong tanggap. Puro overdue na nga.

Sandaling katahimikan.

PIO Kung wala ka masyadong ginagawa, baka puwede kang mag-ghost artist sa 'kin.

Matitigilan si ANTON sa binanggit ni PIO.

ANTON Sino nang mga naging ghost-artist mo?

PIO Si Fidel. Yung classmate mo. (sandaling katahimikan) Pero nasa States na siya ngayon. Matagal na nga akong naghahanap. May marerekomenda ka ba?

ANTON Meron kung sa meron. In fact, marami. Kaya lang, di ko alam na ginagawa mo na pala 'yan.

PIO Bakit, may masama ba?

ANTON Ewan ko. Nagulat lang kasi ako.

PIO Kailangan 'e. Sa dami ng tanggap ko. Para na nga akong couturier. (sandaling katahimikan) Kung baga e, mga assistants lang sila. Silang mananahi, akong master-cutter.

ANTON Ikaw ang nagpo-polish --

PIO Oo. Tapos, pinipirmahan ko.

ANTON Gusto mo ng referral?

PIO Kung mayroon ba e. Anytime. Basta rekomendado mo. Pero, kung puwede ka --

ANTON Sa ibang araw siguro. Sa mga special projects mo.

PIO Sinabi mo 'a.

Darating si PINANG at ibibigay ang isang baso ng iced tea kay ANTON.

ANTON (kay PINANG ) Salamat.

Lalabas ang katulong.

PIO Kumusta nang asawa mo?

ANTON Mabuti.

PIO Hindi ka na ba nahihirapan sa kanya?

ANTON Nahihirapang pa'no?

PIO Hindi ba siya sagabal sa 'yo?

ANTON Hindi. In fact nga, natuturuan ko siya. Nag-uumpisa na siyang magbenta ng mga paintings ko.

PIO Talaga? 'Di mabuti.

Sandaling katahimikan

PIO Naalala ko yung sabi sa kin ni Manansala na mahihirapan daw akong umasenso dahil sa nag-asawa ako – 'di ko matanggap-tanggap yung sinabi niyang wala na kong pag-asang sumikat pa – Pero tingnan naman niya ngayon – Kulang na lang e, gawin nila 'kong national artist.

ANTON Sabagay, sa dami ng citations at awards mo, 'di malayong mangyari 'yan.

PIO Kaya nga lang, iniwan niya ko.

Sandaling katahimikan.

ANTON Ilang taon na kayong hiwalay?

PIO Mga tatlong taon na. Naalala mo nung ninong ako sa kasal ninyo, after a week, umalis siya. Si hindi man lang nagpaalam. Ni walang sulat o ano man. Hanggang ngayon, ni ha, ni ho, wala.

ANTON Sabagay, ‘di kayo nag-kaanak.

PIO Mabuti kamo, hindi. Kundi’y made-deprive siya ng pagmamahal ng isang ina at an early age.

ANTON Talagang hindi ba kayo magkasundo?

PIO Hindi niya talaga masikmurang pag-pipinta e. Malayo ang damdamin niya sa sining. Kumpleto naman siya sa gamit – hindi ko naman siya pinababayaan - suwerte nga siya dahil naka-pag-asawa siya ng pintor na may kaya. E kung sa struggling Mabini artist siya napunta, ‘di gutom siya – kaya suwerte ka pa rin.

ANTON Sana nga.

PIO Pero kahit anong sabihin nila – na ‘di-kalibreng national artist na raw ako – mayroon pa rin akong mga insecurities. Siguro, hindi mawawala yon.

ANTON Mabuti nga yan. Macha-challenge ka pa rin sa iba. Sa mga new trends. Para di ka magsawa sa ginagawa mo.

PIO Hindi yon ‘e. Alam kong natural yang ganahan ka sa kompitensiya ng craft. Para maging masigasig ka. Pero, pag ang inaalala mo ay yung style mo, nakaka-insecure talaga.

ANTON May sarili ka namang style ‘a.

PIO Pero ‘di pa sapat ‘yon.  Parang kulang.  Hindi ko lang alam kung ano.

ANTON Pero d’yan ka sumikat.

PIO Yun nga’ng nakapagtataka - sa estilo kong ito ako sumikat, pero ‘di pa ako kontento, ‘di pa ako masaya.  Kailangan ko sigurong hanapin pa ang direksyon na pupuntahan ko para maabot iyan. Kailangan ko sigurong mag-eksperimento.  Hindi kasi ako sigurado na tama ang ginagawa ko – o ito nga ba talaga ang estilo para sa kin – Parang may kulang - hindi ko alam kung ano – at kung bakit.

ANTON Baka inspirasyon.

PIO Imposible.  Sa dami ng accolades na natanggap ko, sasabihin mo bang wala akong inspirasyon --

ANTON E sino’ng inspirasyon mo?

PIO Inspirado ako sa lahat ng temang pinipinta ko.  Kaya gusto kong trabahuhin.  Kagaya ni Mara – ang pag-rerebelde sa sarili kong estilo - Nararamdaman kong nag-rerebelde ako sa art form na nakagisnan ko.  Gusto ko’ng mag-iba.  Gusto kong ibahin - Gusto kong magwala.

ANTON Hindi siguro sa estilo mo ikaw nagkukulang.  Kundi sa sarili mo. Nararamdaman mo sigurong may kulang sa buhay mo.  Kaya naiimpluwensiyang pananaw mo sa pagpipinta.

PIO Sa palagay mo?

ANTON Ewan ko.  Analysis ko lang ‘yon.

PIO Hindi naman siguro psychological to ‘no.

ANTON Bakit hindi --

PIO Ewan – pero nararamdaman ko na hindi pa ko nakakarating sa gusto kong puntahan. 'Yung nais kong makamtan.

ANTON Kung mag-iiba ka ng estilo'y baka mabigla ang mga tagahanga mo -- mga followers mo. Siyempre, kailangan mo rin silang unawain. Dahil kailangan mo sila. Iyong mga kolektor – Mga kritiko mo - mga dealers – baka hindi ka na nila maintindihan.

PIO Hindi nila ako kailangang intindihin. Kung gusto nilang ginagawa ko, huwag na silang magtanong pa. Magtiwala sila sa mga likha ko. Kung ayaw nila, hindi ko sila pipilitin.

ANTON Mukhang nagiging emosyonal ka na.

PIO Si Manansala, nung namatay – nagpipinta pa rin. Marami siyang 'di natapos. Sa palagay ko, mayroon pa siyang gustong sabihin. Hindi lang niya masabi.

ANTON Ikaw ba, alam mong gusto mong sabihin?

PIO Alam ko. Pero hindi mo rin masasabi. Magpipinta pa rin ako ng magpipinta hangga't gusto ko. Walang makakapigil sa 'kin. Kahit sarili ko.

Ilang sandaling katahimikan.

ANTON Pio.

PIO Bakit?

ANTON Yung solo exhibit ko, huwag mong kalimutan.

PIO Kalimutan ko na'ng lahat, huwag lang 'yan.

ANTON Sinabi mo 'yan 'a.

Magngingitian ang dalawang magkaibigan. Unti-unting didilim ang entablado.

## IKATLONG YUGTO

Makalipas ang limang buwan. Sabado, alas seis ng gabi sa studio ni ANTON. Kasalukuyang nag-iinuman ang barkadang sina ANTON, SANTI at CALOY.

ANTON Inom pa kayo a. Ang daming beer diyan.

SANTI Mukhang happening talaga 'to. Hindi gaya last year. Nag-Mister Donut lang tayo.

CALOY Asenso ba?

SANTI Oo. Wala kasi n'on e.

ANTON Ang tagal ng mga 'yon 'a. Sabi ko, alas otso.

SANTI Parang 'di mo kilala yung mga iyon.

CALOY Baka may mga tinatapos.

ANTON Bahala sila. Basta ubusin natin 'to. Nagpabili pa 'ko ng dalawang case atsaka lechong manok.

SANTI Paborito mo?

ANTON Basta manok. Tsaka yung pinaghalong manggang hilaw tsaka sibuyas, kamatis at bagoong.

SANTI Sarap na pulutan n'on! (kay CALOY) Mapapasubo ka nito, pards.

CALOY Oo nga e. Ang taba-taba ko na.

SANTI Ba, kailangan, mag-celebrate tayong tatlo. Kahit walang dumating sa kanila.

ANTON Ang sabi sa 'kin ni Ador, alas singko pa lang, nandito na sila.

CALOY Nakita ko siya kanina sa tapat ng Caltex.

ANTON Kailan?

CALOY Kani-kanina. Nung bumili ako ng yosi papunta rito.

ANTON Anong sabi?

CALOY Susunod na raw siya. Hahabulin lang daw yung buyer niya sa Hotel Aurelio. Oorder pa raw yata ng ilang reproduction ng kalendar – yong pinagawa sa kanya.

ANTON Naka-tipak na naman si loko 'a. Magdudusa nga lang siya sa ka-kokopya.

CALOY Kahit na. Pera pa rin yon, 'ba.

SANTI Susunod na siguro 'yon. D'yan lang pala sa Hotel Aurelio 'e.

CALOY Unless magtagal pa siya roon.

ANTON (kay CALOY) Hoy, hindi mo ginagalaw yong beer mo 'a.

SANTI Baka lumutin 'yan.

CALOY Hindi naman talaga 'ko umiinom 'e.

SANTI 'Ba, dapat matuto ka. Sa barkadang to, walang 'di umiinom.

ANTON Huwag mong demonyohin 'yan, oy – straight 'yang kumpare kong 'yan. Pati nga sa asawa, napagkakamalang under.

CALOY Loko mo, baka maniwala'ng kliyente ko.

SANTI May nililihim ka pala, pards. Kaya ka pala laging late sa usapan. Siguro, hindi ka makaalis-alis agad sa inyo. Pinaghuhugas ka pa siguro ng plato.

ANTON May surpresa ko sa inyo, oy.

SANTI Ano?  Blow-out na naman ba?

ANTON Hindi, oy.

SANTI E ano?

ANTON Ano'ng kala nyo, kayo lang ang may karapatang mag-celebrate?

SANTI 'Di ba birthday mo – Ano pang ice-celebrate natin?

ANTON Hulaan nyo --

SANTI Wow naman, pare - ayoko nang manghula.  Mag-inuman na lang tayo.

ANTON Siret?

SANTI O sige – sige.

Ilang sandaling katahimikan.

SANTI Ano?  Pa-suspense ka pa.

ANTON BUNTIS SI DELIA.

SANTI Ha?  Galing a!  Nakaisa ka na naman.

CALOY Nadale mo.  Ikasa mo pards.

Maggi-give me "five" sila.

SANTI Bilib na talaga ko sa 'yo.

CALOY Dapat lang 'di ba – (kay ANTON) Nakapag-solo exhibit ka na - Malaki'ng kinita – kaya magblow-out.  Dapat lang.

ANTON (kay CALOY) Ikaw, kailan ka naman mag blo-blow-out?  Pangako ka ng pangako.  Nakihati ka na't lahat.

CALOY Hindi, a -

ANTON Ang suwerte nating tatlo 'no – Hindi na tayo yagit ngayon. (kay CALOY) Ikaw, nagpipinta na uli. (kay SANTI) Tapos ikaw, binalita na sa 'kin ng San Juan group. Saan bang exhibit n'yo?

SANTI Sa Pinaglabanan daw.

ANTON Okay 'yon. Kabarkada ko yung iba r'yan.

SANTI Kung 'di dahil sa yo, 'di sana ko sasali.

ANTON Okay naman sila 'e. Bakit, may ibubuga ka naman 'a. Suggestion ko, sumali tayo sa art competition ng AAP next year. Kung trip n'yo.

SANTI Puwede. (magbabago ang isip) Hindi - mas bilib kasi ako dito sa dealer ko. (kay CALOY) Baka kalimutan mo na kami a. Mukhang ganadong-ganado ka na kasing mag-pinta. Sino bang inspirasyon mo?

CALOY Sino pa, 'di asawa ko.

SANTI Ang corny mo. Asawa mo na nga, inspirasyon mo pa. Dapat, iba.

CALOY Dapat asawa ko. Siya'ng nagbebenta ng gawa ko 'e.

ANTON Oo nga. Dapat lang.

SANTI E 'di pag bayad sa kanya, deretso sa grocery.

ANTON Pagkain naman nila e.

SANTI Hindi man lang dumadaan sa palad mo?

CALOY Iba ang pinadadaan ng misis ko sa palad ko.

SANTI BASTOS. Anim nang anak niyo, a.

ANTON (kay SANTI) Mabuti kamo, ang misis niyang nagbebenta sa mga gawa niya. Inuuna siyempre yung sa kanya.

SANTI Marami ding nagpapabenta sa kanya kayat mag-kompitensiya na kayo sa pagde-deal.

ANTON Misis na nga niyang nagde-deal. Nagpipinta na lang siya ngayon. (kay CALOY) 'Di ba?

SANTI Oo nga pala.

CALOY Artist na rin ako ngayon, oy. Kala mo ikaw lang.

SANTI Pero wala ka pang seryosong gawa.

CALOY Darating din tayo dyan. Isa-isa lang.

SANTI Good luck, pare.

Magtatagayan sila.

CALOY Thank you.

SANTI Wala na 'kong dealer ngayon.

CALOY Kay misis, gusto mo?

SANTI Dealer mo yon 'e. Siguradong uunahin yung sa 'yo.

CALOY Hindi ganyan ang misis ko. Honest 'yon. Tsaka kikita rin naman siya kahit 'di sa kin ang mabenta niya.

SANTI Pero iba na rin yung sa 'yo. Pareho kayong kikita. Unless hindi mo siya binibigyan ng komisyon.

CALOY Anong hindi 'e, buong bayad nga, sa kanya lahat napupunta.

ANTON Ibig mong sabihin, walang napupunta sa yo, kahit piso?

CALOY Binibigyan naman nya 'ko.

SANTI Under ka talaga.

ANTON Anong malay mo, sinusuwerte si Pareng Caloy dahil mabait siya sa kanyang asawa.  Mapag-bigay.

CALOY Tsaka hindi na ko nambababae ngayon.

ANTON Dapat.

SANTI Hmm – baka lalaki naman.

CALOY Inggit ka lang.

SANTI Saan, sa panlalalaki mo?

ANTON Psst – Tama na nga kayo diya

Sandaling katahimikan.

ANTON Pero utang ko lahat to kay Pio.

SANTI Kala ko ba, inimbita mo siya?

ANTON Hindi na niya siguro kayang lumabas.  Naka-wheel chair na e.

SANTI Sinong kasama niya sa bahay?

ANTON May nurse siyang kinuha.

SANTI Ang buhay nga naman - parang kailan lang 'e, ang lakas-lakas ng tao.  Ngayon, hindi na makalakad.

ANTON Ganyan talaga.

SANTI Pang-ilang stroke na niya 'yon?

ANTON Pangatlo na.  In fact, bihirang nakakaligtas sa pangatlo.  Buti nga, nabaldado lang.

CALOY Anong huling ginawa niya?

ANTON Sariling bersyon niya ng Madonna and Child.  Atsaka yung self-portrait niya.

CALOY. Sa oil?

Tatango lamang si ANTON. Sandaling katahimikan.

ANTON. Atsaka mayroon siya'ng ginagawang hindi niya matapus-tapos. Mukhang iba'ng klase. Atsaka di nagco-compliment ang mga color scheme. Parang cubist na `di mo maintindihan –

SANTI. Expressionist kung gano'n.

ANTON. Oo. – (sandaling katahimikan) Naalala kong sabi niya sa `kin no'n – na may hinahanap pa siya'ng hindi niya alam kung ano. Hindi pa siya kuntento sa mga nagawa niya. Baka `yon na 'yong umpisa ng pagrerebelde niya – Sayang at `di niya natupad `yon.

SANTI. Ganyan talaga ang buhay. Umiikot `yan. Kaya patuloy na nagbabago ang pananaw mo, sa ayaw at sa gusto mo.

CALOY. Kung magsalita ka, `kala mo, ilang ikot ka nang nagbabago ng pananaw. E hanggang ngayon nga, nand'yan ka pa rin sa nature-tripping mo.

SANTI. Impressionism `to. Sariling impression ko `to ng nature.

CALOY. Still life impression ng nature, kamo.

ANTON. Tama na nga kayo d'yan. (sandaling katahimikan) Mahihirapan na sigurong makapunta `yon.

SANTI. Puwede ka pa ring mag-ghost artist sa kanya –

ANTON. Paralyzed na'ng kalahati ng katawan niya, Santi. Kaya hindi rin siya makakapirma.

SANTI. Wala na nga –

ANTON. Yon din nga'ng binabalak ko non `e. Para man lang makaganti sa kabutihang ginawa niya.

CALOY. Kung i-nominate kaya natin bilang national artist. Ang Mabini group ang mage-endorse.

SANTI. Oo nga `no. Puwede `yon. Atsaka sigurado akong marami ring pipirma sa endorsement na `to. Hindi lang – Mabini group kamo. Baka pati ang kabilang kampo. Tutal, magaling naman talaga siya `e. Ano -

CALOY. Kaya lang, kumukuha siya ng ghost artist – parang may kontradiksyon yata --

SANTI. Oo nga 'no. Sabagay, tama ka r'yan. Nakakahiya nga. Ba't di ko naisip 'yon?

ANTON. Alam mo kung bakit?

SANTI. Bakit?

ANTON. Kasi minsan, kapag nakaugalian na -- at nakasanayan na, akala natin tama.

CALOY. Hindi lang minsan kamo. Madalas. Atsaka may bahid pulitika naman 'yang mga yan 'e. Prerogatib ng Presidente ang maghirang nang National Artist -- kung sino'ng mapagtripan nya -- o kung kanino siya may utang na loob kahit hindi naman karapat-dapat. 'Di ba?

SANTI. Basta, ang importante'y in-love tayo sa ginagawa natin. (sandaling katahimikan) Basta, pag natuloy ang exhibit namin, gagawin ko'ng gusto kong gawin – Walang makakadikta sa `kin. (kay ANTON) kahit ikaw – (kay CALOY) o ikaw – Bakit, `di ko naman ibebenta sa `yo `a -

CALOY. Sino ba'ng may sabi'ng ibenta mo -

ANTON. Kahit anong gustuhin mo, gawin mo. Huwag kang magpapa-alila sa kanila. Kaya lang, ang sabi ko, bigyan mo ng social concern ang mga tema mo.

SANTI. Social concern? Para lang maging sensational?

ANTON. Ganyan ba'ng pagkilala mo sa `kin -

SANTI. Ikaw, kilala kita. Sincere ka sa mga protests mo. Pero hindi lahat ng mga social realists, ganyan. Maraming peke d'yan as much as there are other pekes in this world. Pretending to be socially

conscious. Socially relevant. This is a much abused term. Kaya I'd rather remain 'irrelevant' than be a great pretender like the rest. Marami nang masyadong mapagkunwari at mapagbalatkayo sa mundong ito.

Hindi siya papansinin ni ANTON. Mapapansin niya na wala ng beer at pulutan sa mesa.

ANTON. (sisigaw sa labas) DELIA –
(sa kanyang sarili) Pambihirang babae `to `o -

CALOY. Hayaan mo na. Darating rin `yon.

ANTON. E kanina pa `e.

CALOY. Baka nasa labas lang -

Sandaling katahimikan.

SANTI. O, di ba –

Hindi siya papansinin ni ANTON. Magmumuni-muni lang ito habang umiinom ng beer. Sandaling katahimikan.

ANTON. Noong araw, ang mga gawa ko raw, parang Rembrandt. Parang Van Gogh – Parang Picasso – Naisip ko, wala pa `kong artistic identity no'n in terms of style.

CALOY. Hindi ka ba naco-compliment no'n – Yang i-compare ka sa mga masters?

ANTON. Natutuwa ako. At the same time, malungkot. Because that means I still need to be original. I have to work on my style.

CALOY. But you cannot divorce yourself from them. Somehow, one way or the other, you'll be influenced and inspired by these people.

ANTON. Totoo `yan. I'm not discounting that. In fact, it's an advantage to idolize these masters in order to have a firm background in classical art. But you should know your limits. You should learn when to divorce them and when to reconcile with them, when to stop getting awed by their works and when to begin creating your originals. In other words, influences and inspirations should

always be put to an advantage. Because at the end of the day, it's your style that really matters.

SANTI. Pero pinilit mo ba? `Di ba, ikaw ang may sabing darating at darating din 'yon --

ANTON. That was my experience. Kahit anong gawin mo, hindi lalabas `yan. Darating na lang talaga. But you have to help yourself by doing lots of research, readings, attending and participating in lectures, seminars, workshops, symposia – And most of all, experience, experiencing life to the fullest. Live it, and not just paint it. Immerse yourself in it. In other words, be a part of it. Get involved! Of course, you could merely observe like the rest but be very keen and sharp with your observations.

SANTI. (pabiro) Nag-lecture si Anton!

CALOY. (kay SANTI) Oo nga. Mukhang ganadong-ganado `a.

SANTI. (kay CALOY) Hayaan na natin. Tutal, birthday naman niya `e.

ANTON. `Tang-ina n'yo `a. Pinag-tritripan n'yo na naman ako `a. Ayaw n'yo `yon. It's food for thought.

SANTI. E ba't di na lang nila tayo bigyan ng proteksyon sa mga turistang `yon -

CALOY. Sino?

SANTI. Yung mga foreigners na nage-exploit na kung `kala mo, sinong kaya tayong bilhin ng kanilang mga dolyares – Yung mga nagbi-business ng mga paintings abroad – Porket mura'ng labor dito, `kala nila pati art works natin, presyong galunggong -

CALOY. Hindi. Yung nagbibigay ng proteksyon –

SANTI. Sino pa kundi ang gobyerno natin – Ba't `di nila tayo ipagtayo ng isang artists' village kaya, para maiwasan ang mga ito – at para ma-regulate ang mga artists' fee sa mga consumers na `yan -

ANTON. Audience -

SANTI. Mga audience na `yan. O magtayo tayo ng unyon para maka-impose tayo ng minimum fee sa isang painting – regardless of its quality, o isang flea market sa mga bargain commercial paintings. Para mahiwalay ang mga `to sa mga serious art works – mga obra natin.

CALOY. Hindi ba discriminatory `yan?

ANTON. Depends on how you look at it. From whose point of view?

CALOY. Sabagay – Sasabihin ng mga serious artists, sa kanila ang mga obra at ang mga nagko-komersiyal, sasabihin nilang sa kanila ang pang-masa. Kaya hindi mo malalaman kung ano ang iba – bargain –

ANTON. Maging honest na lang dapat ang gumagawa. Sila'ng mag-husga kung anong paintings nila'ng pang-flea market o hindi. O alin sa mga gawa nila ang tinuturing nilang mga obra. Then they decide for themselves. And not the others, like those enterpreneurs who don't know any better about the craft except to market them. Mabuti sana kung puro mga artist-dealers `yan gaya mo – (kay CALOY)

SANTI. Hindi ba si Michaelangelo, nung nagkasakit, nagalit sa Pope dahil gusto niya'ng ipatapos ang "Creation" niya sa Sistine Chapel kay Raphael – Hindi pumayag si Michaelangelo. Pinagpatuloy din ni Raphael pero si Michaelangelo pa rin ang nagtapos – Sira lang ang kamada kung iba'ng artist nang magpapatuloy. Maaaring ituturing na small fraction ang sa kanya. O maaaring hindi na kanya. Hindi kasi magiging buo ang world view mo. Hindi bigay na bigay – Kahit ba estudyante niya si Raphael, unethical pa rin yung ginawa ng Pope. Hindi man lang nirespeto ang pagkatao niya bilang artist - `Yon – Isang classic example `yan sa mga producers o financiers na hindi marunong kumilala sa dignidad ng isang artist – o ng isang ordinaryong tao na lang – Ang mga ganyan, dapat makasali sa artikulo ng konstitusyon ng ating unyon at sa Code of Ethics kung makapagtatag tayo, kung saka-sakali –

Ilang sandaling katahimikan. Maaalala ni ANTON na uutusan niya ang asawa upang kumuha ng beer at pulutan.

ANTON. (sisigaw) DELIA – (kina SANTI at CALOY)
Gusto n'yo pa'ng beer?

CALOY. Mamaya na. Hintayin natin yung iba.

ANTON. Marami pa d'yan.

SANTI. Hayaan mo sila. Ang tagal nila `e.

CALOY. Wala pa yung katulong mo?

ANTON. Wala pa `e. Kaya ang kumare mo'ng gumagawa ng lahat.

CALOY. Ang inaanak ko nga pala -

ANTON. Don sa labas. Nangangapitbahay siguro. Walang alam ang mga `yan kundi laro.

SANTI. `Di bale. Bakasyon naman `e.

ANTON. (sisigaw siyang muli) DELIA -

CALOY. Pinabili mo kamo ng lechong manok at beer --

ANTON. Pero dapat, nandito na `yon. Kanina pa `yan `e.

SANTI. Hirap ng walang katulong `no –

ANTON. Mabuti kamo, mabait `tong asawa ko. Wala kang maririnig na reklamo.

CALOY. Suwerte ka rin sa asawa -

ANTON. Magbibig-anghel ka rin sana -

SANTI. Totoo naman `a.

ANTON. Ibig kong sabihin, sana'y tuloy-tuloy na.

CALOY. At sana'y tuloy-tuloy na rin ang suwerte natin.

SANTI. Dapat -

ANTON. Sandali `a. Ako na lang ang bahala.

Tatayo si ANTON at lalabas patungong kabilang kuwarto.

SANTI. `Buti pa. Marami sigurong ginagawa `yon.

CALOY. Sabihin mo, sumalo siya sa `tin -

SANTI. Hindi mahilig si mare sa mga ganito. Mas gugustuhin pa no'n matulog.

CALOY. Birthday naman ni pare `e.

Mag-iinuman sila at papapak sa natitirang pulutan.

CALOY. Ang bait ni ANTON `no -

SANTI. Oo. Walang kaparis. Sa lahat yatang kaibigan natin siyang naiiba. Masasabi mong kayamanan ang magkaroon ng ganyang klaseng kaibigan. Mas malapit pa `ko diyan kaysa sa mga kapatid ko `e. Pag may problema `ko, sa kanya `ko lumalapit. Kahit anong problema – tutulungan ka. Gagawa at gagawa siya ng paraan. Ganon din ba siya sa `yo?

CALOY. Nung college kami. Yung barkada ko, barkada rin niya kahit three years ahead kami sa kanya. Maraming kilala si Anton. May PR `e. Sabi ko nga sa kanya, kumandidato siya no'n sa student council. E ayaw – masyado raw siyang mae-expose.

SANTI. Sira din ang ulo ng loko -

Magtatawanan sila. Maya-maya'y may parang malakas na kakalabog sa labas na mukhang nanggaling sa kabilang kuwarto nina ANTON. Magtataka ang dalawa.

CALOY. Ano `yon?

SANTI. Ewan ko. (sisigaw sa labas) ANTON -

Ilang sandaling katahimikan. At maririnig nila ang boses ni ANTON sa labas.

ANTON. Putang – ina -

Magtitinginan ang dalawa.

SANTI. Bakit?

Ilang sandaling katahimikan.  Maya-maya'y papasok si ANTON sa studio. Malungkot at pawang tulala.  May dala-dala siyang kapirasong papel na nakalukot sa kanang kamay niya.

CALOY. Anong nangyari -

ANTON. (ipapakita niya ang kapirasong papel kay SANTI)
Putang – ina –

Babasahin ni SANTI ang sulat.

CALOY. Anong nakalagay?

Ilang sandaling katahimikan.  Matitigilan si SANTI at titingin kay ANTON. Aagawin ni CALOY ang sulat sa kamay ni SANTI at babasahin ito.

SANTI. Pambihira -

ANTON. Putang-ina -

SANTI. Pabayaan mo siya.  Ginusto niya \`e.  Wala tayong magagawa. Mapipigil mo ba -

CALOY. (pagkatapos basahin ang sulat)  Hayop naman –

Itatapon ni CALOY ang sulat sa bintana.

ANTON. Hindi ko nga alam kung ano'ng nagawa ko.  Hindi naman ako nagkulang sa kanya.  Mahal ko naman siya.

Mapapaiyak si ANTON.

SANTI. Okay lang \`yon.

Tatapikin ni SANTI sa balikat si ANTON.

CALOY. \`Di kaya may napagtripang iba -

SANTI. Imposible.  Halos araw-araw, nandito lang \`yon.  Hindi naman lumalabas.

ANTON. Hindi lang siya siguro para sa \`kin.

Mapapaupo si ANTON sa silya.  Pawang mabigat na mabigat ang pakiramdam niya.

CALOY.		E kung ganon `e, bakit?

ANTON.		Ewan ko.

SANTI.		Talagang ganyan ang mga artists.  Hindi halos maintindihan ng iba.  E ang sarili natin, `di natin maintindihan minsan `e, iba pa kaya -

CALOY.		Mahirap ba tayo talagang intindihin?

SANTI.		Sa palagay ko.  Ewan ko sa `yo.

Ilang sandaling katahimikan.

SANTI.		Kalimutan mo na `yan.  Mawawala rin `yan.  Buti nga't hanggat maaga'y, nalaman mo na -

ANTON.		E ang mga bata -

SANTI.		Kami'ng bahala.  Nandito naman kami sa tabi mo.

CALOY.		Oo, pare.  Kaming bahala sa kanila –

Ilang sandaling katahimikan.

CALOY.		Ano kaya'ng ibig sabihin ng sinulat niya – "kung gaano kasalimuot at kapanglaw ang iyong paga-artista, gayon din ang dahilan ng aking pag-alis – "

May luhang tutulo sa pisngi ni ANTON habang nakangiti siya sa dalawa niyang kaibigan.

ANTON.		Salamat, Santi – Caloy -

Tatapikin ni ANTON sina SANTI at CALOY.

SANTI.		(tatayo siya)  Tara.  Mag-inuman tayo -

CALOY.		Sige.  Ako'ng bibili -

Lalabas si CALOY.

SANTI. `Buti pa nga.

Sandaling katahimikan. Maya-maya'y may kakatok sa pinto sa labas.

SANTI. (sisigaw mula sa labas) `TON, SINA ADOR NANDITO –

SINA ADOR/BARKADA. (mga boses mula sa labas) HAPPY BIRTHDAY TO YOU – HAPPY BIRTHDAY TO YOU – (kakantahin nila) HAPPY BIRTHDAY, HAPPY BIRTHDAY– HAPPY BIRTHDAY TO YOU –

Unti-unting didilim ang entablado.